# PAGTITIWALA SA MGA PANGAKO NG DIYOS NA NAGKAKALOOB

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Bro. (Tatay) Bob Rodriguez
Marso 18, 2023

Sa Luma at Bagong Tipan, madalas nating mabasa ang mga pangako ng Diyos; Siya ang taga-tupad ng pangako na ang tanging nais Niya'y mamuhay tayo sa kabanalan at kasaganaan na nagtitiwala nang buo sa Kanya sa gitna ng ating pagsubok. Bilang mga tunay na mananampalataya, pinaalalahanan tayo ni Hesus na manalangin, umasa, magtiyaga at ganap na umasa sa Kanyang banal na kapangyarihan. "Sapagkat kay Cristo, ang lahat ng pangako ng Diyos ay palaging "Oo" (2 Cor. 1:20).

**A. Tatlong (3) mahahalagang katotohanan na gagabay sa atin habang hinihintay natin ang hindi matugunan na mga pangangailangan:**

**1. Nais ng Diyos na matugunan ang ating mga pangangailangan.** Sa mga konkretong paraan, iharap natin ang ating mga kahilingan o pangangailangan sa Panginoon. "Humingi kayo at kayo'y bibigyan; humanap kayo at …." (Mt. 7:7).

**2. Alam ng Panginoon ang ating mga pangangailangan.** Bago pa man natin masabi ang ating mga pangangailangan, alam na ito ng Diyos. "Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip, hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan …" (Fil. 4:6).

**3. Kayang tugunan ng Diyos ang ating mga pangangailangan.** Ipinangako ng Diyos na ibibigay Niya ang lahat ng kailangan natin. "Sa Diyos na makagagawa nang higit sa lahat ng maaari nating hilingin at isipin, …" ( Efe. 3:20 )

**B. Paano kung manatiling hindi natutugunan ang ating mga pangangailangan?**

**1.Tukuyin kung ito ay isang pangangailangan o kagustuhan.** Ang pangangailangan ay isang bagay na dapat nating taglayin para sa pamumuhay o para sa kaligtasan: pagkain, damit, tirahan, at pangangalagang medikal. Sa kabilang banda, ang gusto ay isang bagay na ating ninanais, ngunit hindi ito mahalaga para mabuhay. "…pagharian kayo ng Diyos at mamuhay nang ayon sa Kanyang kalooban, ipagkakaloob Niya ang lahat" (Mt.6:31-33).

**2.Ang pagnanais ay para sa kasiyahan.** Hindi tayo naghahangad ng mga bagay na hindi natin kailangan. "Sa Diyos mo hanapin ang kaligayahan. At ang pangarap mo'y iyong mkamtan"(Awit 37:4).

**4.Tukuyin ang pinagmulan ng iyong pangangailangan.** Upang maunawaan ang paraan ng Diyos sa pagtugon sa ating pangangailangan ay alamin kung saan ito nagmula. "Mamuhay kayo nang maayos sa gitna ng mga walang pananampalataya..." (1 Pt. 2:12).

**5.Ang iba pang mga pangangailangan ay likha ng sarili nating mga di-matalinong pagpili.** Maaaring ipagpaliban ng Panginoon ang mga sagot sa ating mga panalangin para turuan tayo ng mga leksyon at protektahan tayo. "Pagpupuri para sa mga pagpapalang espirituwal kay Kristo"(Eph. 1:3-7).

**6. Alamin ang ating responsibilidad/ gampanin**

a. Humingi ng tulong sa Panginoon (Santiago 4:2-3).
b. Tugunan ang ating mga pangangailangan sa Kanyang panahon (Awit 27:14).
c. Gawin ang ipinagagawa ng Panginoon (Is.55:8-9).

**C. Mga priyoridad ng Diyos sa pagtugon sa ating mga pangangailangan**

1.Ang pakikipag-ugnayan sa Diyos (Heb. 4:16).
2. Ang pagtulad kay Kristo. Ginagamit ng Diyos ang ating paghihirap upang hubugin ang ating pagkatao (1 Pt. 1`:6-7).
3. Ang pananalig ay pagtitiwala (Rom.4:18-21).
4. Ang pag-asa ay pagtitiwala sa Diyos (Prov. 3:5-6).
5. Ang taos na pagsisisi (Jos. 7:1-7}
6. Ang pagpapasakop ay pagnanais ng Diyos na sumuko sa Kanyang awtoridad (Jam.4:7).
7. Ang gantimpala ay pangako ng Panginoon sa mga nagtitiis ng kahirapan (Heb. 10:32).

**Konklusyon:** Tutuparin ng Diyos ang Kanyang mga pangako. Gagantimpalaan Niya ang mga tunay na nagmamahal sa Kanya. Bukod dito, Siya ay isang mahusay na tagapagkaloob; Ibibigay Niya nang lubos ang ating mga pangangailangan ayon sa Kanyang kayamanan (Fil. 4:19).

**Pagninilay:**

1. Buo ba ang iyong pagtitiwala sa Diyos?
2. Mayroon ka bang matatag na pundasyon upang maniwala at magtiwala na ipagkakaloob Niya ang Kanyang mga pangako?

**Isinalin ni:** Sis. May Barcita
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags:# mga Panalangin